## MULA SA EDITOR

Simula sa isyung ito ay may bago nang disenyo ang TDJ (The Diliman Journals). Ang TDJ, na publikasyon ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman sa pamamagitan ng Office of the Vice-Chancellor for Research and Development (OVCRD), ay binubuo ng *Humanities Diliman* (HD), *Science Diliman* (SD) at *Social Science Diliman* (SSD).

Una, iisa na lamang ang istandard na sukat ng tatlong journal. Ikalawa, ang bawat journal ay nagtataglay ng kulay na variant ng mga kulay ng Unibersidad: maroon para sa HD, berde para sa SD, at ginto para sa SSD. Bawat journal ay may kani-kaniya ring accent na kulay: ginto para sa HD, asul para sa SD, at lila para sa SSD. Puti ang napagkaisahang kulay na gagamitin sa mga texto sa pabalat. Nakalimbag na rin sa gilid o spine ng journal ang logo ng OVCRD. Higit sa lahat, bawat journal ay dinagdagan na rin ng pangalan. Ang SSD ngayon ay tatawagin nang *Social Science Diliman: A Philippine Journal of Society and Change*.

Bawat isyu ay may kani-kaniya ring larawan, na maaaring buhat sa isa sa mga artikulong nakalathala sa isyu o walang kinalaman sa mga artikulo subalit nagtataglay ng isang mahalagang usaping panlipunan. Inaanyayahan namin ang ating mga mambabasa na magsumite ng kanilang mga larawan na maaari naming ilathala sa pabalat ng ating Journal. Nais kong pasalamatan si Mary Jocelyn L. Tarnate sa pagpapahiram ng kanyang kuhang larawang pinamagatang *Pakiramdam* upang siyang aming maging photo cover para sa isyung ito. Salamat rin sa sinulat niyang maikling tala para sa larawang ito.

Ang kasalukuyang isyu ng *Social Science Diliman* ay may apat na pangunahing artikulo buhat sa disiplina ng kasaysayang ekonomiko, media, linguistics, at pilosopiya. Isinusulong ni Vicente Angel S. Ybiernas na hindi nabubuwag, bagkus ay tumitibay pa nga, ang papel ng estado sa gitna ng lumalaganap na globalismong ekonomiko. Sinasalungat ng kanyang artikulong *Migrant Workers in South Korea: Between Strategic Ambivalence and Systematic Exploitation* ang argumento ng ilang kritiko na pinanghihina ng globalisasyon ang estado na nagdudulot ng pagkabuwag ng mga hangganan at mga kulturang pambansa. Ginamit na halimbawa ng awtor ang kaso ng tinatawag na developmental state ng South Korea upang isulong ang kontensyong hinawan ng globalisasyon ang mga liwasan para higit na palakasin ng pamahalaan ng Korea ang mga pundasyon nitong ekonomiko at pulitikal na titiyak sa katatagan ng kanilang bansa.

ISSN 1655-1524 Print / ISSN 2012-0796 Online

May kinalaman rin ang globalismo sa kung paanong tinatransporma ng umuusbong na media ang mga pananaw ng tao hinggil sa sariling pagkakakilanlan at sa pagbibigay ng kaayusan sa mga umuusbong na mga bagong ugnayang panlipunan. Inilarawan ni Raul Pertierra sa kanyang artikulong *We Reveal Ourselves to Ourselves: The New Communication Media in the Philippines*, sa pamamagitan ng ilang espisipikong halimbawa, ang mga posibilidad ng pagpapakilala ng mga identidad, kung paanong ang mga umuusbong na media ay naghuhudyat ng mga posibilidad ng mga ugnayang pantao, at kung paanong ang mga kauusbong na mga anyo ng media ay nagsusulong sa pang-araw-araw na buhay ng mga Filipino ng mga di-pagkakapantay-pantay at pagkakahating panlipunan.

Siniyasat nina Maria Kristina S. Gallego at Louward Allen M. Zubiri sa kanilang sanaysay na *Metonymy of NANG* ang salitang 'nang', na isang problematikong metonym na Filipino. Sa kasalukuyang debate ng mga linguist at mga paham ng wika sa ortograpiya ng 'ng' at 'nang', iminumungkahi ng mga awtor na panatilihin ang distinksyon ng bawat isa dahil sa malinaw na pagkakaiba ng mga ito, lalo sa tinatawag na behavior, distribution at co-occurrence relations ng mga morpemang ito.

Ang huling pangunahing artikulo sa isyung ito ay ang *When Rules Turn Loose: An Analysis of the Concept of Rules and Exceptions* ni Jerwin F. Agpaoa. Nakatatawag ng pansin ang mga abstraksyon nito tungkol sa tuntunin (rules), paggawa ng mga tuntunin, mga eksepsiyon sa mga tuntunin, at mga kaugnay na prinsipyong may kinalaman sa pagpapairal o di-pagpapairal ng mga pamantayan. Hinalaw ng awtor ang mga abstraksyong ito mula sa mga reglamentong akademikong nakasaad sa *2004-2010 General Catalogue* ng Office of the University Registrar ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Bagamat limitado ang saklaw at aplikasyon ng pagsisiyasat, mahalaga ang kontribusyon ng pag-aaral sa kung paano natin binibigyan ng saysay ang mga konsepto ng ekidad (equity), katarungan (justice) at pagkawasto (rightness) na nagsasaayos o gumagabay sa ating mga ugnayang panlipunan.

Isang natatanging kontribusyon ng isyung ito ng *Social Science Diliman* ay ang kauna-unahang salin sa Filipino ng isang sanaysay ng lider komunista ng Indonesia na si Tan Malaka. Ang *Tungo sa Hardin ng Tao*, isang salin sa Filipino ni Ramon Guillermo ng sanaysay na pinamagatang "Ke Taman Manusia," ay isa sa mga sanaysay na kabilang sa mahalagang akdang pilosopikal ni Tan Malaka na may pamagat na *Madilog: Materialisme,*

*Dialektika, Logika* (1948). Ibinilang rin namin sa isyu ang orihinal na texto ng sanaysay. Ang akda ni Tan Malaka ay isang humanistikong paglalarawan ng pangarap ng awtor sa kinabukasang pulitikal ng Indonesia. Sa pamamagitan ng salin ni Guillermo ay binigyan tayo ng pagkakataon upang masuri ang mga ideang pilosopikal ng isang aktibista buhat sa Southeast Asia. Minsan ring nanirahan si Tan Malaka sa Pilipinas noong kasagsagan ng administrasyong kolonyal ng mga Amerikano sa bansa upang makisalumuha at makipagpalitan ng mga idea sa tagapagtatag ng Partido Komunista ng Pilipinas na si Crisanto Evangelista.

Bagamat 2006 pa nalathala ang librong *Global Justice* ni Jon Mandle, minarapat pa rin naming ilathala ang mahabang review essay ni Dennis Adriano de Vera tungkol rito. Ayon kay de Vera, ang isang hustisyang global na nakaangkla sa usapin ng karapatang pantao ang siyang malaking ambag ng akda ni Mandle.

Susunod na tatargetin ng Journal ang paglilimbag ng hindi bababa sa sampung artikulo bawat taon nang hindi nahuhulí sa paglabas ng mga isyu habang napananatili ang mahigpit nitong pagreferee sa mga artikulo. Muli, pinasasalamatan namin ang mga iskolar na ipinagkatiwala ang kanilang mga artikulo sa *Social Science Diliman*. Pinasasalamatan rin namin ang ating mga reviewer buhat sa loob at labas ng bansa, kapwa iskolar na Filipino at banyaga.

**EDITOR'S NOTE**

Beginning in this issue, TDJ (The Diliman Journals) will carry a uniform format. *Humanities Diliman* (HD), *Science Diliman* (SD) and *Social Science Diliman* (SSD) comprise TDJ, published by the University of the Philippines Diliman through the Office of the Vice-Chancellor for Research and Development (OVCRD).

First, all three journals now have a uniform size. Second, each journal sports a color that is a variant of one of the three official colors of the University: maroon for HD, green for SD, and gold for SSD. Each has an accent color: gold for HD, blue for SD, and violet for SSD. White is the color of the text in the front cover for the three journals. The OVCRD logo is seen on the spine of the journal. Lastly, each journal now has a second title. SSD, our Journal, is now called *Social Science Diliman: A Philippine Journal of Society and Change*.

A featured photo is one of the new features of the cover. A photo can come from one of the major articles in the issue or a solicited photo that features a significant social concern. We now welcome photo contributions from our readers that we can publish in the front cover of our Journal. I would like to thank Mary Jocelyn L. Tarnate for lending us her photo work, *Pakiramdam*, to grace the cover of the current issue. Thank you as well for the brief note that she wrote about the photo.

Four major articles from the disciplines of economic history, media, linguistics, and philosophy are featured in this issue of *Social Science Diliman*. Vicente Angel S. Ybiernas argues that the state continues to be a strong force in the midst of economic globalism. His essay, *Migrant Workers in South Korea: Between Strategic Ambivalence and Systematic Exploitation*, counters the argument by some analysts that globalization tends to weaken the state, thus destabilizing national borders and cultures. The author uses the case of South Korea's developmental state to contend that it is globalization itself that has opened up avenues for the Korean government to fortify both its economic and political defenses to secure a stable nation state.

Globalism also informs how emerging media transform notions of self-identity and organize new practices of social relationships. Raul Pertierra's *We Reveal Ourselves to Ourselves: The New Communication Media in the Philippines* illustrates, through specific cases, how users of the so-called new media fashion novel possibilities of revealing their identities, how emerging media press novel possibilities of human relationships forward, and how the same emergent media forms advance certain social divisions and inequalities in the everyday lives of Filipinos.

Maria Kristina S. Gallego and Louward Allen M. Zubiri examine the word-form 'nang', a problematic Filipino metonym, in their essay, *Metonymy of NANG*. In the current debate among linguists and language scholars about the orthography of 'ng' and 'nang', the authors suggest that the orthographic distinctions of the two forms be maintained because of clear differences, specifically in each of the morpheme's behavior, distribution and co-occurrence relations.

The last major article we present in this issue is Jerwin F. Agpaoa's *When Rules Turn Loose: An Analysis of the Concept of Rules and Exceptions*. It is remarkable how the author extrapolates abstractions about rules, rule making, exceptions and related principles that inform these three based on academic

rules stipulated in the *2004-2010 General Catalogue* of the Office of the University Registrar of the University of the Philippines-Diliman. While limited in scope and application, the essay contributes to how we make sense of equity, justice and rightness that govern or guide our social relations.

A major contribution to knowledge by this issue of *Social Science Diliman* is the first translation in Filipino of an essay by Indonesian communist leader Tan Malaka. We present Ramon Guillermo's translation of Tan Malaka's "Ke Taman Manusia" from the latter's philosophical opus, *Madilog: Materialisme, Dialektika, Logika* (1948). Accompanying Guillermo's translation, titled *Tungo sa Hardin ng Tao*, is the original text of the essay. Tan Malaka's essay is about the author's humanist dream of the political future of Indonesian society. Guillermo's translation opens a window through which we can appraise the philosophical ideas of a Southeast Asian activist who once came to the Philippines at the height of American colonial rule in the country to meet and exchange ideas with Communist Party of the Philippines founder Crisanto Evangelista.

We also include in this issue a review essay by Dennis Adriano de Vera of the 2006 book *Global Justice* by Jon Mandle. According to de Vera, global justice anchored on human rights is one of the significant contributions of Mandle's book.

The next target of the Journal is to publish at least 10 major articles per year without a delay in publication and still maintaining the rigorous refereeing process we practice. Again, we thank the scholars who entrusted their articles to *Social Science Diliman*. We also thank our reviewers in the Philippines and from outside the country, both Filipino and non-Filipino scholars.

**Eulalio R. Guieb III, PhD**
Editor-in-Chief